
OCTOBER - NOVEMBER 2012

FILIPINO MAGAZINE

PAG-USAPAN PO NATIN !

ISSUE 51 IPINAMIMIGAY NG LIBRE

مجلة لنتحاور - ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الحادي والخمسون



ANG PAGPAPAHALAGA

المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center
UPANG TAYO'Y MAGKILALANAN ··· لنتعارف

جمعية النجاة الخيرية

51.indd 1 10/30/12 3:13:45 PM

Pinoy Directory Kuwait



Classic Herbs International Co.
(CHIC International)
Instant Negosyo
Office No. 10, Mezzanine Floor
Jollibee Bldg., Kuwait City
Call Gerben Gumapac 66454291, 55884342,
Viber 69996079
Toto Ahmad 69006689 (CHIC Endorser)

Cebuana Gulf Express Cargo
12 Al-Aziziya, Al-Asfour-2 Complex
(Back of Sultan Center), Mangaf, Kuwait
Tels. 66610870, 69900554, 55775199, 23717182
Contact: Ms. Eva
Email: cabuanagulfcargo.yahoo.com

Jgs Kabayan Online Store
Find us @ facebook

Roselou Beauty Products
Perfumes, Garments, Cosmetics
Shop 29, Mezzanine Floor,
Megatheer Mall
Farwaniya, Kuwait
Tel. No. 24712988

Sister's Collection & Beauty Products
Basement, Hotline Billiard, Salhiya Tower
Opposite KFC (Kentucky Fried Chicken)
Contact: Ms. Rhoda Tel. 60932262

Mario's Restaurant Kuwait
Fahaheel near NBK behind Al Baha store
Telephone No. 23916677

Dra. Emily Zapanta
Filipino Pediatrician
Al-Sayegh Clinic
Mangaf Coastal Road
Opposite Fahaheel Sea Club
Email: info@alsayeghclinic.com
Telephone No. 65845687

Aim Global Products/C24/7 etc.
Rockstar The Dream Team
Rodel 50590709
Romel 60099488
Abdullah (Jahra Area) 50911129
John Patrick (Khaytan Area) 50611276
Toto Ahmad (Farwaniya Area) 69006689

Philippine Embassy Kuwait
Faiha Area, Block 6, Villa No. 153
Nouman Bin Basher St. corner Damascus Road
Tel. 22511806 ext. 2013 e-passport
Tel. 22511806 ext. 2015 marriage inquiry
Tel. 22528422 ext. 2001 operator
Fax no. 22511805
www.philembassykuwait.gov.kw

POLO (Phil Overseas Labor Office)
Faiha Area, Block 6, Villa No. 152
Nouman Bin Basher St. corner Damascus Road
Hotline 995-58527
Tels. 22528433, 22525082
Email: polokuwait2012@yahoo.com
Email: jabriyaowwakwt2011@gmail.com





- Pagtuturo ng wikang arabik.
- Mga panayam tungkol sa mga okasyong pang-islam, mga kapistahan at okasyong pambansa.
- Mga programa sa pakikipagtulungan ng Philippine Embassy sa Kuwait.
- Seminar para sa mga magpapakasal.
- Mga seminar tungkol sa mga tradisyon at kaugaliang kuwaiti.
- Mga Kompetisyong Pangkultura.
- Mga Pamamasyal at Paglilibang.
- Mga Programang Pampalakasan.
- Monthly Magazine ng Center (PAG-USAPAN PO NATIN !).

Kami po ay malugod na nag-aanyayasa inyong pagbisita sa ating sentro.



المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

51.indd 2 10/30/12 3:13:47 PM

FILIPINO MAGAZINE PO NATIN!
PAG-USAPAN


Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhiruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

مؤسسة زخرف للدعاية والإعلان
Zukhruf Advertising Agency
www.zukhruf.net
Tel. 99993072




Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga talakayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang maiwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, mag-e-mail sa:
ullessis@yahoo.com



كيف نتعلم أن نقدر الحياة



هل تريد الفطر



الاعمال



الحياة الاسلامية



Paano Nalilinang Ang Pagpapahalaga

51.indd Sec1:2 10/30/12 3:13:53 PM

Sa iyong pang-araw-araw na pakikisalamuha sa tao, marahil naoobserbahan mong bawat isa ay may taglay na ugali, saloobin at kilos na kakaiba sa kanyang kapwa. May mabait, may matulungin, may madaling pakisamahan at may iba naming tila walang pakialam. Bakit nagkakaiba ang pagpapahalaga ng mga tao? Anu-ano ba ang mga salik na nakaiimpluwensya sa paglinang ng ating mga pagpapahalag?

May kasabihan tayong madaling maging tao, mahirap magpakatao. Ang pagpapakatao ay tatak na nagpapaangat sa atin sa iba pang nilikha sa mundo. Saan ba nagsisimula ang pagpapakatao?

Ang pagpapahalaga ay mga natatanging pamantayang isinasabuhay ng isang tao. Instrumento ito tungo sa pagkamit ng kanyang kaganapan. Maaari rin itong tumukoy sa anumang bagay na pinahahalagahan at sinsabing kapuri-puri at hinahangad ng tao hindi lamang para sa kanyang sarili kundi para rin sa nakararami.

Ang paglinang mo ng pagpapahalaga ay magpapatingkad ng iyong pagkatao. Magsisilbi itong natatangi mong tatak. Hindi ba't may mga taong kilala sa kanilang angking kabaitan o kasipagan? Sa palagay mo ba ay isinilang na silang ganito?

Walang sinuman ang ipinanganak na may taglay na pagpapahalaga, ngunit lahat tayo ay isinilang na may potensyal o kakayahang gumawa ng mabuti. Upang malinang ang potensyal na ito, mahalagang maturuan ang tao mula pagkabata ng tamang batayan ng pagpapasya at pagkilos. Ito ang magiging gabay niya tungo sa pagpapaunlad niya ng sarili at ng makataong pakikipagkapwa.

May dalawang pangunahing salik na nakaiimpluensya sa paglinang ng pagpapahalaga: ito ay ang panloob at panlabas na salik. Ang panloob na salik ay tumutukoy sa mga bagay na ikaw mismo ang pinanggagalingan tulad ng konsensya, disiplinang pansarili at mapanagutang paggamit ng kalayaan.

Nakasalalay sa iyong paggamit ng kalayaan at disiplinang pansarili ang pag-unlad ng iyong mga pagpapahalaga. Kung gagawin mo lamang ang lahat ng iyong maibigan nang hindi pinag-iisipan kung ano ang maaaring idulot nito sa iyo at sa iyong kapwa, magiging pabagu-bago ang iyong batayan at walang mabuting gawi (habit) na malilinang. Halimbawa, paano mo mapauunlad ang pagiging laggng nasa oras sa pagpasok sa trabaho kung hindi mo didisiplinahin ang iyong sarili sa maagang pagtulog? Paano mo malilinang ang maayos na paggamit ng oras kung di mo man lamang mapagpasyahan kung alin ang una among gagawin?

Narito naman ang mga panlabas na salik sa paglinang ng pagpapahalag:

PAMILYA. Ito ang una, likas at may pinakamalalim na epekto sa tagapaghubog ng pagpapahalaga ng isang tao. Ang iyong pamilya ang kauna-unahang pangkat na taong iyong nasilayan at kinalakihan. Dito mo unang natutuhan kung paano magmahal at paano mahalin. Ang self-image o pagtingin sa iyong sarili ay unang nabuo sa loob ng pamilya.

MGA KAIBIGAN AT KABARKADA. Bilang isang panlipunang nilalang, may mga pangangailangan kang matutugunan lamang sa pamamagitan ng pakikihalubilo sa iba. Dahil sa pakikipagkaibigan, lumalaki ang saklaw ng mga taong iyong nakikilala. Nagiging masaya ka dahil may mga kaedad kang napagsasabihan ng iyong problema at mga karanasan sa buhay. Malaki ang impluwensya nila sa paghubog ng iyong pagpapapahalaga: maaari silang makapagdulot ng kanais-nais o hindi kanais-nais na pagbabago sa iyo.

MEDIA. Sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya, di maiiwasang marami kang nakikita at naririnig na maaaring makaimpluwensya sa iyong saloobin, pagkilos, at asal ngunit hindi lahat ng napapanood, nababasa o naririnig mo ay makatutulong sa pagpapaunlad ng iyong sarili.

PAARALAN. Ito ang intitusyong nangangalaga sa iyong intelektwal na pag-unlad. Sa tagal ng oras na iyong inilalagi sa paaralan, naibabahagi sa iyo ng guro, tuwiran man o hindi, ang mga kaalaman at pagpapahalaga niya. Malaki rin ang impluwensya ng iyong mga kaklase sa paglinang ng iyong pagpapahalaga.

SIMBAHAN. Ang relihiyong iyong kinabibilangan ay may malaking impluwensya sa paniniwala, ikinikilos at sinasabi.

TEKNOLOHIYA. Maaari itong makatulong o makasira sa pag-unlad ng pagpapahalag ng isang tao. Kung gagamitin ang teknolohiya kaagapay ang mga pagpapahalaga, maiiwasan ang maling paggamit at pag-abuso nito. Hindi masama ang mag-internet kung alam ng gumagamit na dapat niyang gawing gabay ang mga moral na batayan sa paggamit nito. (Project EASE, bse.portal.ph)

51.indd Sec1:3 10/30/12 3:13:55 PM



Gusto Mo ba ng Fungus?

SA SINAUNANG Ehipto, gustung-gusto ng mga Paraon ang mushroom at para lang ito sa pamilya ng hari. Tinawag naman ito ng mga Romano na pagkain ng mga diyos at inihahain lang nila ito sa espesyal na mga okasyon. Ang mga Griego noon ay may mga piging kung saan mushroom ang pangunahing inihahain at naniniwala rin sila na nagbibigay ito ng lakas sa kanilang mga mandirigma.

Sa ngayon, ang mushroom ay hindi lang para sa mga pilíng tao. Kumakain nito ang maraming tao sa buong mundo! Kumakain ka rin ba ng mushroom? Kung gusto mo ito, alam mo ba kung ano ang kinakain mo? Ito ba ay hayop, gulay, o iba pa? Paano ito pinatutubo? Masustansiya ba ito? At kapag nakakita ka ng ligáw na mushroom, ano ang dapat mong gawin?

Para masagot iyan, kaming mag-asawa ay nagbiyahe mula sa Sydney, Australia, patungong Mittagong, isang napakagandang bayan sa bulubunduking lugar sa timog ng New South Wales. Ang pinuntahan namin? Ang taniman ng mushroom ni Noel Arrold.

Pag-aalaga ng Mushroom

Si Noel, isang matipunong Australiano, ay isang microbiologist at eksperto sa mushroom. Nag-aral siya sa iba't ibang bansa tungkol sa pag-aalaga ng mushroom saka siya bumalik sa Australia para mag-alaga ng mushroom na ibebenta. "Ang mga mushroom ay mga fungus, isang pamilya ng mga organismo na kinabibilangan ng amag," ang paliwanag niya. "Ang alam noon ng mga biyologo, ang mga fungus ay halaman, pero alam na natin ngayon na ibang-iba ito sa halaman.

"Halimbawa, hindi kailangan ng fungus ang potosintesis, na karaniwan sa mga halaman. Puwede itong tumubo sa dilim. Naglalabas ito ng matatapang na enzyme na tumutunaw sa mga organikong bagay para maging mahahalagang nutriyente, na nagsisilbing pagkain nito. Ang naiibang prosesong ito ay isang dahilan kung bakit hindi rin maituturing na hayop ang fungus. Dahil hindi ito halaman o hayop, iginawa sila ng


▲ Courtesy of the Mushroom Information Center

Pinatutubo ang mga mushroom sa isang lugar na kontrolado ang temperatura



51.indd Sec1:4 10/30/12 3:13:58 PM

May mga mushroom na kahawig ng magagandang bulaklak



MGA MUSHROOM NA LIGÁW

Ang mga mushroom na ligáw ay karaniwan nang tumutubo sa malamig, mahalumigmig, at madilim na kagubatan, anupat ang mga patay na puno, halaman, at dumi ng hayop ay nagagawa nilang pataba sa lupa. Ang ilan ay may simbiyotikong ugnayan sa mga puno. Ang mga mushroom na ito ay kumukuha ng sustansiya sa mga organikong elemento sa ugat ng mga puno, at ang mga puno naman ay tumatanggap ng nutriyenteng ina-absorb ng mga mushroom.

mga biyologo ng sariling klasipikasyon—ang fungi kingdom."

"Ang mga mushroom na ligáw na magugulang na ay naglalabas ng milyun-milyong maliliit na espora na humahalo sa espora ng ibang mushroom at nagiging pertilisado," ang sabi ni Noel. "Kapag ang . . . mga espora ay napunta sa malamig at mahalumigmig na lugar na punô ng organikong bagay, nagiging mushroom ang mga ito. Ginagaya ng mga nag-aalaga ng mushroom ang prosesong ito sa artipisyal na kalagayan para mas maganda at marami ang ani."

Sinabi pa ni Noel na hindi pare-pareho ang pag-aalaga sa iba't ibang uri ng mushroom. Halimbawa, ang puting mushroom, o button mushroom, na pinakapopular na uri sa buong daigdig, ay hiyang sa pastyurisadong pataba. Ang ibang uri naman ay tumutubo sa mga troso, boteng may binutil, tablang gawa sa siniksik na kusot, o sako na punô ng nabubulok na halaman. Sa libu-libong kilalang uri ng mushroom, mga 60 lang ang inaalagaan para ibenta.

Inaalagaan ni Noel ang kaniyang mga mushroom sa isang abandonadong tunel ng tren malapit sa Mittagong. "Tamang-tamang magparami ng mushroom dito dahil malamig at mahalumigmig ang lugar na ito," ang sabi niya. Nakakita kami ng mga hilera ng supot, pasô, at bote kung saan pinatutubo ang libu-libong mushroom na may iba't ibang hugis at laki. Ang ilan ay kamukha ng nakabukang rosas; ang iba'y parang mga calla lily o tila mga pumpon ng bulaklak o kaya'y maiiksi at matatabang payong. Tuwang-tuwa kaming pagmasdan ang makukulay na mushroom na iyon!

Masarap at Naihahain sa Iba't Ibang Paraan

"Natutuwa ang marami sa kakaibang hitsura ng mga mushroom pero hindi nila alam kung paano ito ihahanda bilang pagkain," ang sabi ni

51.indd Sec1:5 10/30/12 3:13:58 PM

Noel. “Ang totoo, madali lang itong iluto. Ginagayat ito ng ilan at bahagyang iginigisa, ginagamit sa sopas at salad, o iniihaw nang buo. Gustung-gusto ko ang oyster mushroom na pinagulong sa breadcrumbs at pinirito. Ang shiitake mushroom ay malinamnam na parang karne at masarap sa omelet.”

Ang mga nakakaing mushroom ay masustansiya at sagana sa fiber, protina, mineral, at bitamina. Mga 2,000 uri nito ang sinasabing nakapagpapagaling ng sakit. Ayon sa isang pagsusuri, ang katas ng mushroom ay may mahigit 100 gamit sa medisina anupat sinasabing panlaban sa kanser, hepatitis, AIDS, Alzheimer’s disease, mataas na kolesterol, at iba pa.

Pero napakadelikadong manguha ng mushroom na ligáw. Halimbawa, ang death cap mushroom (*Amanita phalloides*) ay kahawig ng ilang nakakaing mushroom pero nakalalason. Kaya tandaan: *Huwag na huwag* kakain ng mushroom na ligáw malibang sabihin ng isang eksperto sa mushroom na puwede itong kainin! Siyempre pa, ang mga mushroom na ibinebenta ay ligtas kainin. Sa katunayan, ang mga ito ay masarap at noo’y para lang sa mga maharlika!

Inihaw na mushroom na may hummus (paste na garbansos), dahon ng spinach, bawang, at ginayat na dahon ng murang sibuyas

(Mula sa Gumising! magazine ng Watchtower Bible and Tract Society, Philippines)



MGA TIP TUNGKOL SA MUSHROOM

- Ilagay ang sariwang mushroom sa isang supot na papel o tela, saka ipasok sa refrigerator. Huwag itong itabi sa mga bagay na matapang ang amoy dahil nakaka-absorb ito ng gayong amoy.
- Kung kakain ka ng mushroom na hindi luto, puwede itong punasan lang o kaya’y banlawan sandali at punasan. Huwag ibabad sa tubig.
- Kung iluluto ang mushroom, gumamit ng malambot na brush para alisin ang anumang dumi.
- Huwag tatalupan ang mushroom —masarap at masustansiya ang pinakabalat nito!

Top: Courtesy of the Mushroom Information Center;
bottom: Courtesy of the Australian Mushroom Growers Association



51.indd Sec1:6 10/30/12 3:13:59 PM

Ang Buhay Abroad

ni Flor Ibayan



Buhay abroad di ganon kadali
Iiwan mo ang mahal sa buhay, sa iba magsisilbi
Lahat ng pagtitiis, ay iyong kakayanin
Makisama sa ibat ibang tao, kelangan mong gawin..

Hirap, lungkot at pagod, di mo alintana
Iisipin lang lahat ito ay para sa pamilya
Lahat gagawin mo, makaipon lamang ng pera
Perang ibibigay, sa mahal sa buhay, ipapadala..

Kahit pagod na pagod ka na tuloy ang kayod
Lagi kasing nasa isip ang pamilyang tinataguyod
Madalas pag homesick, luhay di mapigilan
Uupo sa isang tabi, titingala sa DIYOS na siyang sandigan…..

Akala ng iba, buhay abroad ay sagana
Ang di nila alam, halos walang kain, walang pahinga
Di pa nahawakan ang sahod, nakaplano ka na
Saan ito ilalaan, magkasya nga kaya?…

Masarap pakinggan, dolyar ang kinikita
Mga kaibigan at kamaganak, kaiinggitan ka
Ang di nila alam, sobra ang hirap mo
Di lang pisikal, pati emosyon mo…..

Buhay abroad, masarap na mahirap
Lahat ay tinitiis alang alang sa pangarap
Minsan ang iba pinaglaruan ng kapalaran
Pangarap na inaasam, nauwi sa kabiguan

Ang mga pinoy, mapagtiis mapamahal
Magaling makisama, di marunong umangal
Lumalaban ng patas, di nanlalamang
Mapagpakumbaba, kagalang galang…

Nabigo ka man, o nagtagumpay ka
Isa kang dakila, bayani ka ng bansa
Lagi mong tatandaan at isa puso
Ikaw ay pinoy, laging taas noo….
Mabuhay ang mga OFW…..

51.indd Sec1:7 10/30/12 3:14:00 PM

BUHAY OFW

Dear Kuya Eli…

Ullessis Abaya
ullessis@yahoo.com



Batid ko na ang kalagayan ng buhay namin noon. Alam ko sa aking sarili na hindi kami mayaman, hindi kami kabilang sa mga pamilyang may maginhawang buhay. Nagsimula akong magkaroon ng "insecurities" tungkol sa pagiging mahirap namin noong nag-aaral ako sa elementarya.

Karamihan sa mga kaklase ko ay may bitbit na mga lunchboxes, samantalang sa akin ay supot lamang ng pandesal. Kumpleto ang mga gamit nila sa eskwelahan, mga nagagandang bag, pencil case, lapis, ballpen at notebook. Samantalang sa akin ay mga pinaglumaan lang din ng mga nakatatandang kong kapatid. Kaya naman ganun na lang ako kainggit sa mga kaklase ko noon.

Lalong lumakas ang aking mga "insecurities" noong nag-high school na ako. Bibihira lang akong bilhan ng nanay ko ng sapatos. Sa loob ng apat na taon ko sa high school, dalawang beses lang akong nabilhan. Madalas noon ang suot-suot ko ay sapatos ng tatay o kaya ni Lolo. Basta papalitan lang ni nanay 'yon kapag nakita niyang upod na upod ang swelas, biyak na biyak na't nakakanganga na. Palibhasa binili lang 'yon ni nanay sa tiyangge, kaya ganun na lang kadaling masira. Kaya naman inggit na inggit ako sa mga kaklase kong bago ang mga sapatos lalo na yung may tatak pa.

Hindi ako sumasakay ng dyip, nilalakad ko lang ang eskwelahan at bahay namin kahit titik na tirik ang araw. Naglalakad ako dahil noong minsang sumakay ako ng dyip, nakasabay ko ang mga estudyanteng nasa pribadong paaralan (na mga mayayaman lang ang nag-aaral), at pagsakay ko sa dyip, akala mo'y nakakita sila ng pulubi, parang diring-diri at nagtatawanan pa. May nagsasabi pa na, "ano ba 'yan amoy araw!" Kaya halos manliit ako ng sobra sa kanila, tawanan sila ng tawanan sa loob. Sino ba ang nakakatawa? ako ba?

Noong nagkolehiyo naman ako, inggit na inggit pa rin ako sa mga kaklase kong magaganda ang mga bag at sapatos. Sa akin ay biyak pa rin ang sapatos ko at ang bag ko ay napaglumaan naman ng kuya ko. Kaya para makaiwas sa panunukso ng mga kaklase tungkol sa aking sapatos, bumili na lang ako ng mumurahing sandals at nagsa-sandals na lang ako na may medyas. Bagama't baduy at nakakatawa, ito lang kasi ang kayang bilhin ng kakarampot kong ipon. Kaya noong minsang nakita ako ng propesor na nagsusuot ng sandals agad niya akong sinita.

Wala kaming computer noon at nasa ikalawang taon na ako sa kolehiyo noong nakahawak ako ng computer. Nanginginig pa akong gamitin ang computer dahil baka masira ko. Madalas kapag may term paper ay sa makinilya (o typewriter) ko ito ginagawa. Ang baon ko noon ay 50 pesos lang at 40 pesos ang pamasahe. Kaya ang sampung piso ay pilit kong pinagkakasya sa loob ng isang araw. Minsan fishball at biskwit lang ang kinakain ko makatawid lang sa gutom. Kaya sobrang awang-awa ako sa sarili ko noon. Dahil kahit minsan hindi ko naranasang maging mayaman, kahit minsan hindi ako nakaramdam ng ginhawa sa pag-aaral. Subalit sa awa ng Diyos, nakapagtapos ako sa pag-aaral at dagliang nabigyan ng oportunidad dito sa Saudi Arabia. Bagamat napakabata ko pang nakibaka sa buhay-abroad, tanging baon ko ay pag-asang ibinigay sa akin ng aking pamilya. Maraming luha ang pumatak at marami ring gabi na ako'y nangulila. Subalit pilit na winawaksi ko ito para sa pangarap ko sa buhay, hindi lamang pansarili bagkus kasama ng aking mga mahal sa buhay.

Kaya heto ngayon ako, nagsisikap at pilit na binibigyan ng kaginhawahan ang aking mga magulang sa abot ng aking makakaya. Aaminin ko na kung sarili ko lang ang iisipin ko, marahil mayaman na ako. Pero dahil ayaw kong maranasan

51.indd Sec1:8 10/30/12 3:14:01 PM



ANG KAYAMANAN NG BUHAY NG ISANG OFW

Photos ALVIN BALTAZAR

ng aking mga kapatid ang hirap na naranasan ko noon, pinipilit kong sinuportahan ang kanilang pag-aaral at kalimutan panandalian ang mga kagustuhan ko sa buhay.

Sinagot ko ang lahat ng gastusin ng apat kong kapatid sa kolehiyo. Mahirap pero pilit kong kinaya. Sinisikap kong hindi sila nakaramdam ng kagipitan sa araw ng enrollment, at ayaw ko ring naranasan nilang magbaon na halos pamasahe lang. Pinupursige ko na ipatikim sa kanila ang mga hindi ko naranasan noong ako'y nag-aaral pa.

Lahat ng gastusin nila sa kanilang pag-aaral ay pilit kong pinupunan. Bago lagi ang kanilang mga sapatos at bag kada taon. Binilhan ko rin sila ng laptop para magamit nila sa kanilang pag-aaral. Ayokong maranasan nila ang hirap ko noon para magpasa lang ng mga research at term paper. Ayokong problemahin nila ang gastos sa pag-aaral maging ang kanilang mga gamit. Ang tanging gusto ko lang ay mag-aral sila para maabot nila ang kanilang mga pangarap sa buhay. Nakaka-proud lang na nakakatatlo na akong napagtapos sa pag-aaral. Yung kapatid kong nurse ay nagkapasa sa board exam at nagbo-volunteer na sa isang pampublikong ospital. Yung mga kapatid kong inhinyero at arkitekto ay kapwa nagtatrabaho na rin at tumutulong sa aking mga magulang. Ang huli ay nakatapos na rin sa kursong nursing at nakapasa na sa "licensure exam" na may mataas na grado. Batid ko na nakakatulong na rin sila sa aking mga magulang.

Sa tuwing sinasabi nilang, "kuya, maraming maraming salamat," gusto kong mapaiyak sa sobrang sarap sa pakiramdam. Hindi ko maipaliwanag ang aking kasiyahan. Alam ko sa 'king sarili na kahit paaano naging bahagi ako ng tagumpay nila sa buhay. Pakiwari ko'y naging parte din ako ng kanilang kinabukasan.

Hindi man ako mayaman sa pinansyal, hindi man ako nagkaroon ng maraming pera sa ngayon, masaya na ako na makatanggap ng simpleng pasasalamat mula sa aking mga kapatid na labis kong ipinagmamalaki. Sapat na sa akin yun! Parang lahat ng pagod, sakripisyo, paghihirap at kalungkutan ay talagang sulit na sulit. Kaya masasabing kong… mayaman na ako.

Sana'y pagkunan din ito ng inspirasyon at pag-asa ng kapwa ko OFW. Pag-asa na huwag sumuko sa buhay at pilitin abutin ang kanilang mga pangarap. Tulungan din ang kapwa mahal sa buhay patungo sa magandang kinabukasan. Tayong mga OFW ay isang buhay na patotoo ng pag-asa ng ating pamilya. Hindi man tayo maging mayaman sa pinansyal na aspeto, naging mayaman naman tayo sa dangal, pagmamahal at pagmamalaki ng mga mahal natin sa buhay. Gamitin ang bawat lungkot at pangungulila bilang sandata tungo sa ikatatagumpay, hindi lang sa ating mga sarili ngunit maging ng ating pamilya at mga mahal sa buhay.

Totoo nga na tayong mga OFW ay isang kayamanan, kayamanan tayo ng ating pamilya at mayaman din tayo sa pag-asa, pagmamahal at dangal. Mabuhay po tayong OFW! – (gmanetwork.com)

Sa mga gustong magbahagi ng mga karanasan sa buhay habang nasa abroad, ipadala lang po sa BUHAY OFW Dear Kuya Eli, ullessis@yahoo.com

51.indd Sec1:9 10/30/12 3:14:04 PM

USAPING PANGKABUHAYAN NG OFW



Gil S. Bantugan, CPA
Financial and Real Estate Consultant
Marriage Counselor

"Ang solusyon sa problemang pananalapi na kinakaharap ng maraming OFW ay kakayahang pamahalaan ang kanyang kinikita. Kung wala ito, ang isang manggagawa ay madalas nasasadlak sa utang. (The solution to most financial problems facing an OFW is the ability to manage his income wisely. Lacking this ability a worker often ends in debt.)"

Minsan ay may nagtanong sa akin: paano po ba ang mag-ipon? Maliit lang po ang sweldo ko at halos lahat ng sahod ko ay ipinapadala ko sa Pilipinas.

Ito ang aking naging sagot: Totoong mahirap mag-ipon kapag maliit ang kita, pero hindi ito imposible. Sa tamang paraan kahit maliit ang sweldo, ikaw Kabayan ay puedeng makapag-ipon.

The sight of many OFWs returning home for good without any savings or worse are saddled with many loans motivated me to launch an advocacy of teaching our Kabayans the ability to manage their incomes. Through a seminar: Anyone Can Save – Managing Your Personal Finance, Kabayan is first made to believe in himself that he can save regardless of his level of income. Then, he is taught how to use his saving to make more money for his future.

Sa aking observasyon, merong apat na kategorya na kumakatawan sa kalagayang pananalapi ng ating mga kababayan dito sa abroad:

15-20% ay nakapag- ipon ng sapat at may investment para sa kanilang retirement.
30-35% ay nakapag-ipon pero walang investment.
35-40% ay walang naipon.
10-15% ay umuuwing me utang.

Nasaan ka Kabayan sa mga kategoryang ito?

Ang pag-iipon ay mas madaling sabihin kesa gawin. Hindi ito isang simpleng bagay lamang na agad agad nagagawa. Nangangailangan ito ng tamang kakayahan upang ang isang OFW ay makapag-ipon at mapaghandaan ang kanyang pag-uwi sa Pilipinas..

Merong tatlong solusyon na puedeng gawin ng isang naghahangad na makapag-ipon.

Una: Magbawas ng gastos. Pag-aralan at reviewhin mabuti ang lahat ng pinagkakagastusan. Tingnan kung alin dito ang puedeng bawasan o kaya ay tuluyang ihinto. Sa ganitong paraan, anuman ang halagang matitipid ay puedeng ilagay sa Savings. Sabi nga ng mga matatanda, habang maigsi ang kumot, matutong mamaluktot.

Pangalawa: Magdagdag ng Kita. Maraming paraan ng pagdaragdag ng income. Kung ikaw ay may special talent at extrang panahon, puede mo itong gamitin upang pagkakitaan. Ang pagluluto ng pagkain, home service, tutoring or baby sitting ay ilan lamang sa puedeng gawin ng isang OFW na naghahangad magkaroon ng extrang income. Malaki rin ang income sa pa aahente ng Real Estate or even blogging.

Pangatlo: Ito ang pinakamabisa. Magbawas ng Gastos at Magdagdag Kita. Gawin mo Kabayan ang dalawang ito at pamehadong uunlad ang iyong kabuhayan.

Ang tatlong pamamaraang ito ay tinatalakay ko sa aking seminar: Anyone Can Save: Managing Your Personal Finance. Sa seminar na ito ay matutuhan ninyo ang wastong pagba budget, iba't-ibang paraan ng pagdaragdag ng income at paano palaguin ang inyong savings. Of course, para magtagumpay sa layuning makapag-ipon, merong tatlong makina ng tagumpay na dapat nating paandarin. Ang tawag ko naman dito ay "3 Ds of Success".

Determination: Kapag kumbinsido ka na tama at maganda ang iyong desisyon, anuman ang mga

51.indd Sec1:10 10/30/12 3:14:07 PM



Photos ALVIN BALTAZAR

pagsubok o balakid sa pagsasakatuparan nito, ipagpatuloy mo pa rin ang iyong naging desisyon. Ang sabi nga, harangan man sibat tuloy pa rin. Isa ito sa major weakness ng maraming OFW, agad tayong sumusuko pag merong pagsubok. Natatandaan ko ang isang patalastas sa radio noong ako ay bata pa: "Ang umaayaw ay di nagwawagi, ang nagwawagi ay di umaayaw.

Discipline: madalas ang dahilan ng pagkaunsyami o pagkadiskaril ng ating pag-iipon ay kawalan ng disiplina sa pag-gastos. Iwasan ang lahat ng gastos na wala sa iyong budget.

